



Pansamantalang Gabay: Gabay para sa Mga Taong Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan sa Mga Shelter at Navigation Center para Mabawasan ang Panganib ng COVID-19

Hunyo 19, 2020

(na-update at may pag-aayos ng link noong Hunyo 22, 2020)

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco at ipo-post ito sa www.sfcddcp.org/covid19hpc. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, availability ng Personal na Proteksyon (Personal Protective Equipment, PPE), at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga tauhang tumutulong sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan na nakatira sa mga shelter para sa mga walang tirahan at navigation center.

Buod ng Mga Pagbabago sa Gabay mula sa 05/23/2020 na Bersyon

Nabago ang gabay para ilahad ang [Pansamantalang Gabay ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit \(Centers for Disease Control and Prevention, CDC\) para sa Mga Provider ng Serbisyo para sa Mga Walang Tirahan para Magplano at Tumugon sa Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#), at kasama ang mga binagong rekomendasyon tungkol sa:

- Pagsusuot ng mga face mask o takip sa mukha ng mga residente
- Mga hakbang na pang-iwas para sa mga tauhan
- Pagsusuri sa mga walang sintomas na malapitang nakasalamuha ng mga taong may COVID-19
- Pagsuri ng mga residente at tauhan para sa mga sintomas ng COVID-19

Pakitingnan ang mga karagdagang [dokumento ng pansamantalang gabay para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan](#) at mga tauhan sa mga lugar na walang shelter, kasama na ang gabay para sa [Ligtas na Pagtulog para sa Mga Taong Walang Matirhan](#) at [Mga Village ng Ligtas na Pagtulog](#).


BACKGROUND: Ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay posibleng may mataas na panganib ng transmisyon ng COVID-19 at partikular na madaling tablan ng mga paglaganap ng COVID-19. Ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa mga shelter at navigation shelter ay posibleng mahirapang mag bumukod mula sa ibang tao at posibleng may mas mataas na posibilidad ng mga dati nang kundisyon na nauugnay sa malubhang sakit kung magkakaroon sila ng COVID-19. Posible ring humantong sa pagkakasakit at pag-aabsent sa mga tauhan ng provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan ang transmisyon ng COVID-19 sa mga lugar na ito. Nilalayan ng pansamantalang gabay na ito na suportahan ang mga tauhang nagtatrabaho sa mga shelter para sa walang tirahan at navigation center at makatulong na pigilan ang transmisyon ng COVID-19 sa mga lugar na ito.

Mga Hakbang Para Mapigilan ang Transmisyon ng COVID-19

I-decompress ang populasyon sa shelter:

Ilipat ang mga residente mula sa mga shelter at navigation center papunta sa mga alternatibong lugar para maisagawa ang social distancing na anim na talampakan para sa lahat ng aktibidad sa buhay kasama na ang pagtulog, pagkain, pagbabanyo, at pagpasok at paglabas sa pasilidad.

- Isapriyordad ang paglipat ng [mga indibidwal na nasa malaking panganib](#) tulad ng mga taong lampas na sa 60 taong gulang at/o may mga malubhang co-morbidity.



Bumuo at magpatupad ng plano para masuri ang mga medikal at panlipunang pangangailangan ng mga kliyente para matiyak na sila ay ligtas at nasusuportahan nang maayos sa mga lokasyon ng Kagawaran ng Kawalan ng Tirahan at Pansuportang Pabahay/Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao (Department of Homelessness and Supportive Housing/Department of Human Services, HSH/HSA).

Kilalanin ang mga tauhang susuporta sa mga kliyente sa kanilang mga medikal at panlipunang pangangailangan sa mga lokasyon ng HSH/HSA.

Magtakda ng mga hakbang sa social distancing para mabawasan ang panganib ng transmisyon:

Mga lugar sa pagtulog:

- Sa pangkalahatan, hindi dapat bababa sa 6 na talampakan ang pagitan ng mga kama/banig sa mga lugar sa pagtulog.
- Gumawa ng mga pansamantalang pisikal na harang sa pagitan ng mga kama gamit ang mga sapin o kurtina kapag posible.
- Ayusin ang mga kama para magkaroon ng sapat na layo sa isa't isa ang mga indibidwal.
- Iurong ang lahat ng lamesa ng mga tauhan para hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo ng mga ito mula sa mga lugar sa pagtulog.

Mga karaniwang lugar:


- Isang residente lang ang payagan sa entrada o paisa-isang mag-check in.
- Isaalang-alang and paglagay ng plexiglass sa lamesa/mga lugar sa pagtatrabaho ng mga tauhan.
- Baguhin ang ayos ng upuan sa mga lugar ng pagkain na maraming gumagamit para magkaroon ng mas malawak na espasyo (mainam kung 6 na talampakan) sa pagitan ng mga indibidwal (hal., alisin ang bawat isang nasa pagitang upuan at gamitin lang ang isang bahagi ng mesa).
- Kapag posible, alisin ang mga kubyertos sa paghahain na ginagamit ng marami.
- Maglagay ng hand sanitizer o mga washing station sa entrada ng mga lugar sa pagkain.
- Payagan ang pagkain sa labas at hikayating gawin sa labas ang mga panggrupong aktibidad hangga't posible.

Baguhin o paghiwa-hiwalayin ang mga iskedyul para mabawasan ang bilang ng mga taong gumagamit ng mga pasilidad nang sabay-sabay:

- Maghatid ng pagkain o paghiwa-hiwalayin ang mga oras ng pagkain
- Paghiwa-hiwalayin ang iskedyul ng paggamit ng mga kusina, espasyo ng tirahan, at lugar ng libangan.
- Gumawa ng hiwa-hiwalay na iskedyul sa paliligo
- Alisin ang mga hindi kinakailangang panggrupong aktibidad; kung magsasagawa ng mga panggrupong aktibidad, hikayatin ang mga residente at tauhan na manatiling magkakalayo nang hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa isa't isa.

Limitahan ang pagpasok at paglabas ng residente sa pasilidad:

- Maglagay ng hand sanitizer sa entrada ng shelter, at hikayatin ang madalas na paghuhugas ng kamay
- Magsikap na payagan ang mga residenteng manatili sa mga shelter nang 24/7 kung mapapanatili ang social distancing at hikayatin ang mga residenteng umalis lang para sa mahahalagang pangangailangan.
- Kunin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng residente, kasama na ang telepono, email, at taong tatawagan kapag may emergency.
- Idokumento kung kailan papasok at lalabas sa shelter o navigation center ang mga residente.




Hikayatin ang mga residente at tauhang gumawa ng mga hakbang para mabawasan ang panganib ng transmisyong:

- Ang mga residente ay dapat magsuot ng facemask o takip, ayon sa Utos sa Kalusugan Blg. C19-12b ng San Francisco.
- Dapat matakpan ng mga takip sa mukha ang ilong at bibig at posibleng gawa ito sa iba't ibang materyal, gaya ng mga bandana, balabal, kamiseta, sweatshirt, o tuwalya.
- Ang mga takip sa mukha na gawa sa tela ay dapat labahan nang madalas gamit ang detergent at mainit na tubig at patuyuin sa mainit na cycle.
- Maglagay ng [mga karatula](#) sa buong pasilidad na may mga paalala tungkol sa paglilinis ng kamay, tamang gawi sa pag-ubo, at pag-uulat ng anumang sintomas sa mga tauhan.
- Hikayatin ang mga residente at tauhan na madalas na hugasan ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo bago kumain, pagkatapos magbanyo, pagkatapos nilang suminga, umubo, o bumahing, at bago at pagkatapos hawakan ang mukha o mga takip sa mukha.
- Kung walang available na sabon at tubig, gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alcohol

Gumamit ng Kagamitan para sa Personal na Proteksyon (PPE) alinsunod sa mga rekomendasyon ng CDC:

Ang mga rekomendasyon ng CDC para sa Kagamitan para sa Personal na Proteksyon (PPE) para sa mga provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan ay kasama sa [Pansamantalang Gabay ng CDC para sa Mga Provider ng Serbisyo para sa Mga Walang Tirahan para Magplano at Tumugon sa Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#). Ang mga lugar ay dapat sumangguni sa webpage ng CDC para sa pinakanapanahong gabay. Noong 5/31/2020, kasama sa mga rekomendasyon ng CDC para sa mga provider ng serbisyo para sa mga walang tirahan ang sumusunod:

- Payuhan ang mga tauhang iwasang hawakan ang mga gamit ng kliyente kung posible. Kung kailangang hawakan ng mga tauhan ang mga gamit ng kliyente, dapat silang gumamit ng mga maaaring itapon na gwantes.
- Bigyan ng kasanayan ang mga tauhan sa paggamit ng mga gwantes para matiyak ang tamang paggamit at matiyak na magsasagawa sila ng paghuhugas ng kamay bago at pagkatapos ng paggamit.
- Kung walang available na mga gwantes, dapat magsagawa kaagad ng paghuhugas ng kamay ang mga tauhan pagkatapos hawakan ang mga gamit ng kliyente
- Ang mga tauhang magsusuri sa mga temperatura ng kliyente ay dapat gumamit ng sistemang lumilikha ng pisikal na harang sa pagitan ng kliyente at ng tagasuri gaya ng inilalarawan [dito](#)
 - Dapat tumayo ang mga tagasuri sa likod ng isang pisikal na harang, gaya ng salamin o plastik na bintana o partiyon na puwedeng magprotekta sa mukha ng miyembro ng tauhan mula sa mga respiratory droplet na posibleng mamuo kapag bumahing, umubo, o nagsalita ang kliyente.
 - Kung hindi makapagpapatupad ng social distancing o mga pangkontrol na harang/partiyon sa panahon ng pagsusuri, inirekomenda ng CDC ang mga sumusunod na PPE kapag kailangang lumapit ang tauhan sa isang residente sa loob ng 6 na talampakan:
 - Facemask (surgical o procedural mask)
 - Proteksyon sa mata (mga goggles o maaaring itapon na face shield na ganap na nagtatakip sa harap at mga gilid ng mukha)



➤ Mga maaaring itapon na gwantes.

- Dapat labhan ng mga tauhan ang mga uniporme sa trabaho o damit pagkatapos gamitin gamit ang pinakamainit na naaangkop na setting ng tubig para sa mga item at patuyuin nang mabuti ang mga item.
- Para sa pansamantalang balangkas ng mga rekomendasyon ng PPE batay sa potensyal na panganib ng pagkakalantad, bumuo ng balangkas ang Lungsod at County ng San Francisco para sa paggamit ng PPE para sa mga tauhan ng CCSF na nagtatrabaho sa mga lugar na may madalas na paghahalubilo ng mga indibidwal na may iba't ibang status sa COVID-19 na nagsasaalang-alang sa panganib ng transmisyong COVID-19 virus habang nagsasagawa ng iba't ibang aktibidad at mga limitasyon sa mga mapagkukunan ng PPE. Makikita ang “Pansamantalang Balangkas sa Panahon ng COVID-19 Pandemic para sa Paggamit ng PPE ng Mga Manggagawa at Kontratista na nagbibigay ng Serbisyo sa Sakuna ng Lungsod at County ng San Francisco (City and County of San Francisco, CCSF) na Nagtatrabaho sa Mga Lugar na may Madalas na Paghahalubilo ng Mga Indibidwal na May Iba't Ibang Status sa COVID-19” sa www.sfcdep.org/covid19hpc sa ilalim ng “Kagamitan para sa Personal na Proteksyon.”
- Makikita ang mga pansamantalang rekomendasyon sa PPE para sa mga tauhan ng pagpapanatili [dito](#).

Maglinis at mag-disinfect:

Suriin ang [mga gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco \(San Francisco Department of Public Health, SFDPH\) sa paglilinis at kaligtasan sa paggamit ng disinfectant](#). Puwedeng gumamit ng mga itinatapon na pinggan at kubyertos, at dapat hugasan ang mga ito ayon sa mga pangkaraniwang pamamaraan.

Mga Supply:

- Magpanatili ng mga sapat na supply ng mga materyal sa kalinisan
- Tiyaking ang lahat ng lababo ay may sapat na stock ng sabon at mga materyal sa pagpapatuyo.
- Gawing available ang alcohol-based na hand sanitizer at tissue sa buong pasilidad.
- Maglagay ng mga facial tissue sa mga entrada at lugar sa komunidad.
- Tiyaking may sapat na mga basurahang may saping plastik para sa tamang pagtatapon ng mga nagamit na tissue.
- Gawing available sa mga tauhan ang mga supply ng panlinis para linisin ang mga surface na madalas hawakan kung kinakailangan.
- Gumamit ng [produktong panlinis/disinfectant na inaprubahan ng EPA](#) na mabisa laban sa coronavirus (Listahan N ng CDC)

Iskedyul:

- I-update ang iskedyul at mga pamamaraan ng paglilinis
- Sundin ang oras para panatilihin basa ang disinfectant na nasa label nito, at ang iba pang tagubilin ng manufacturer para sa paggamit.
- Linisin at i-disinfect ang mga madalas na hawakang surface sa mga pangkaraniwang lugar, lugar ng mga tauhan, at lugar ng tirahan at tulugan ng residente nang kahit isang beses sa isang araw.
- Mas dalasan ang paglilinis at pag-disinfect para sa mga banyo na ginagamit ng marami.

Kapag hahawak ng basura:

- Magsuot ng mga gwantes



- Hawakan lang ang mga bag ng basura sa mga walang lamang itaas na seksyon ng mga ito. Huwag hawakan ang basurahan nang nakadikit sa iyong katawan.
- Ibuhol ang bag ng basura bago ito ilagay sa pangkaraniwang (municipal) basurahan.

Kapag maglalaba:

- Huwag ipagpag ang maduming labada; nababawasan nito ang posibilidad na kumalat ang virus sa hangin.
- Labahan ang mga item nang alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer.
- Labahan ang mga item gamit ang pinakamainit na naaangkop na setting ng tubig para sa mga item at patuyuin nang mabuti ang mga item.
- Ang maduming labada na nadikit sa isang taong may sakit ay puwedeng labahan kasama ng mga item ng ibang tao.
- Linisin at i-disinfect ang mga hamper o iba pang kart para sa paglilipat ng labada alinsunod sa gabay sa itaas para sa mga matigas at malambot na surface.

Kilalanin at Ibukod ang Mga Potensyal na Kaso ng COVID-19

Ang sinumang pinaghihinalaang may COVID-19 ay dapat na agad na magsuot ng mask at ibukod. Makipag-ugnayan sa onsite o on-call na provider para kumpletuhin ang isang pagtatasa at pagsasaalang-alang ng pagsusuri kung nakasaad.

Magtalaga ng limitadong bilang ng [mga miyembro ng tauhan para magsagawa ng pagsusuri at gumamit ng naaangkop na PPE](#). Tanungin ang taong sinusuri kung mayroon siyang alinman sa mga [sumusunod na senyales o sintomas](#), na bago o hindi maipaliwanag ng dati nang kundisyon:


- Lagnat, Panlalamig, o paulit-ulit na panginginig/pangangatog
- Ubo
- Pananakit ng lalamunan
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo
 - Lagnat, panlalamig, o paulit-ulit na panginginig/pangangatog
 - Ubo
 - Pananakit ng lalamunan
 - Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
 - Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo
 - Panibagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy
 - Pananakit ng kalamnan
 - Pananakit ng ulo
 - Sipon o baradong ilong
- Kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Pananakit ng kalamnan
- Pananakit ng ulo
- Sipon o baradong ilong
- Pagtatae

Para sa mga detalyadong tagubilin sa pagsusuri, pakit [tingnan ang gabay sa pagsusuri ng sintomas ng SFDPH](#)

Suriin ang mga residente para sa mga sintomas ng COVID-19:

Magpatupad ng protocol para man lang sa pangaraw-araw na pagsubaybay sa mga residente para sa mga sintomas ng COVID-19.

- Dapat magsuot ng face mask o takip sa mukha na gawa sa tela ang mga kliyente kapag sinusuri.



- kung walang anumang sintomas ang taong sinusuri, kunin ang kanyang temperatura gamit ang non-touch (infrared) na thermometer.
 - Para sa layunin ng pagsusuri, ayon sa SFDPH, ang lagnat ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng temperaturang $\geq 100.0^{\circ}\text{F}$ (37.8°C)
 - Kung sinabi ng indibidwal na pakiramdam niya ay may lagnat siya, ituring itong isang sintomas kahit na normal ang nasukat na temperatura.
- Kung mag-uulat ng anumang sintomas ang isang indibidwal o may temperaturang $\geq 100^{\circ}\text{F}$ (37.8°C), sundin ang mga hakbang para sa pagbukod sa ibaba.
- Bukod pa sa regular na pagsusuri, hikayatin ang mga residenteng magkakaroon ng mga sintomas na iulat ang mga sintomas na iyon sa (mga) itinalagang miyembro ng tauhan.

Suriin ang mga tauhan para sa mga sintomas ng COVID-19:

Araw-araw na magsagawa ng pagkuha ng temperatura at [pagsuri ng sintomas](#) ng mga tauhan bago ang pagsisimula ng shift at magpanatili ng talaan nito. Malinaw na ipagbigay-alam sa mga tauhan na hindi sila dapat pumasok kung masama ang pakiramdam nila na may kasamang sipon at mga sintomas na gaya sa trangkaso.

- Sabihan ang mga tauhang magkakaroon ng anumang sintomas ng COVID-19 habang nasa trabaho na agad na tumigil sa trabaho, bigyan ng alerto ang kanilang supervisor, at umalis sa pasilidad.
- Dapat magpasuri ang mga tauhan at magbukod sa bahay habang naghihintay ng mga resulta. Kung walang pribadong kwarto at banyo ang mga tauhan para magbukod, puwede nilang [i-access ang lugar sa hotel para sa first responder](#)
- Dapat tumawag ang mga tauhang may sintomas sa kanilang doktor, sa Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit ng SFDPH 415-554-2830, o [magpa-appointment para masuri](#).
- Ang mga tauhan ng mga shelter at navigation center ay mahahalagang tauhan at:
 - Bilang mahalagang tauhan, puwede mong ipagpatuloy ang pagtatrabaho pagkatapos makasalamuha ang isang kasong positibo o pinaghihinalang may COVID-19 hangga't wala silang sintomas at patuloy na magsusuot ng mask;
 - Bilang mahalagang tauhan puwede kang [magpa-appointment para masuri](#) kahit na wala kang anumang sintomas o hindi Malapitang Nakasalamuha¹ ng isang kaso.


Kung ang isang residente ay pinaghihinalang o kumpirmadong may COVID-19:

Tumukoy ng espasyo kung saan puwedeng ibukod mula sa iba pang residente ang mga residenteng magpopositibo sa pagsusuri (mainam kung isang kwartong nakahiwalay sa pamamagitan ng pinto) habang naghihintay ng karagdagang pagsusuri.

Kung ang isang residente ay natukoy na may lagnat o anumang sintomas sa itaas, o nakumpirmang may impeksiyon na COVID-19:

- magbigay kaagad ng mask sa residente at ibukod mula sa ibang residente, kasama na ang ibang residenteng may mga posibleng sintomas ng COVID-19, habang naghihintay ng pagsusuri o paglipat.

¹ Kasama sa [Malapitang Nakasalamuha](#) ang paglalaan ng mahigit sa 10 minuto sa loob ng 6 na talampakan mula sa isang taong may Kumpirmadong COVID-19 na hindi nakasuot ng face mask, o pagkakaroon ng direktang pagkakalantad sa loob ng anumang tagal ng panahon sa mga fluid at/o secretion sa katawan ng isang taong may Kumpirmadong COVID-19 (hal., naubuhan o nasingahan, naghati sa mga kubyertos, o binigyan ng pangangalaga ng o nagbigay ng pangangalaga para sa kanila nang walang suot na mask, gown, at mga gwantes).



- Makipag-ugnayan sa onsite na tauhang pangkalusugan ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan (Department of Public Health, DPH) shelter o tumawag sa linya ng Medikal na Tugon para sa Walang Tirahan sa 415-369-7969 sa pagitan ng 7 am – 7 pm para kumpletuhin ang pagtatasa at isaalang-alang ang pagsusuri sa COVID-19 kung ipinahiwatig. Tatasahin ng onsite na tauhang pangkalusugan ng shelter o on-call na provider ang mga residenteng magpopositibo sa pag-screen.
- Kung walang malalang sintomas ang residente at nakahanda siyang lumipat:
 - I-refer sa Isolation and Quarantine (IQ) intake team sa 628-652-2820 sa pagitan ng 7 am – 8 pm; O
 - Maglagay ng referral sa <https://covid19isorequest.getcare.com/referral>.
- Kung may mga malalang sintomas ang residente o kailangan niya ng medikal na pagbisita:
 - tumawag sa EMS para sa paglipat sa 415-487-5046 kung hindi kinakailangan ang pag-activate sa 911; AT
 - maglagay ng tala sa pasyente na hindi siya makakabalik sa shelter kung naghihintay ng mga resulta ng mga pagsusuri sa COVID-19 o nakumpirmang may COVID-19, at isama ang numero ng telepono ng IQ intake team na 628-652-2820.
- Kung walang available na pangkalusugang DPH shelter o on-call na provider, tumawag sa Linya ng Klinikal na Konsultasyon para sa COVID-19 ng DPH sa 415-554-2830 (available nang 24/7, pitong araw sa isang linggo).


Pakikipag-ugnayan Kapag Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19 ang Isang Residente

Kung ipinadala ang residente sa isang klinika o ospital, dapat tumawag ang on-call na provider ng pangkalusugang DPH shelter sa tatanggap na medikal na pasilidad at abisuhan silang hindi makakabalik ang kliyenteng may nakabinbin o positibong resulta sa pagsusuri sa COVID-19 at irekomenda ang pag-refer sa IQ site.

- Dapat tingnang muli ng mga naturang miyembro ng tauhan sa itaas ang mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19 ng mga residenteng ipinadala sa mga medikal na pasilidad at patunayan na ni-refer ang residente sa IQ intake team.
- Dapat ding abisuhan ng mga tauhan ang Kagawaran ng Kawalan ng Tirahan at Pansuportang Pabahay (Homelessness and Supportive Housing, HSH) at ibigay ang kumpirmasyon ng sinumang bisita sa shelter na inilipat sa mga IQ hotel ng DPH: Pansamantalang Direktor ng HSH, Abigail Stewart Khan (415-314-7902) o Pinuno ng HSH/EOC, Dylan Schneider (415-961-8257).

Kung magpopositibo sa COVID-19 ang isang residente ng shelter, isasagawa ng DPH ang mga sumusunod na hakbang sa pakikipagtulungan sa shelter o navigation center.

- Sa sandaling malaman ng DPH ang tungkol sa kaso, aabisuhan ang HSH, at sasabihan nila ang mga namumuno sa shelter o navigation center.
- Makikipagtulungan ang DPH sa HSH at mga namumuno sa shelter o navigation center para maabisuhan ang mga tauhan at residente tungkol sa kaso ng COVID-19.
- Available ang contact sa DPH para sagutin ang mga tanong mula sa mga residente o tauhan.
- Magsasagawa ang DPH ng pagsisiyasat sa kaso kasama na ang pagkilala sa Mga Malapitang Nakasalamuha
- Posibleng irekomenda ng DPH ang pagsusuri sa mga residente at tauhan
- Ang lahat ng Malapitang Nakasalamuha ay aalukin ng mga I/Q na kama



Pag-follow up at Paglilinis Pagkatapos ng Pinaghihinalaan o Kumpirmadong COVID-19

Mas dalasan ang pagsusuri sa sintomas ng residente at mga tauhan:

- Gawing dalawang beses sa isang araw kung posible ang pagsusuri sa sintomas at temperatura ng lahat ng tauhan at mga residente.
- I-refer ang mga may sintomas na residente sa I/Q team.

Tutulong ang HSA at HSH na ibigay ang sumusunod na suporta:

- Asikasuhin ang malawakang paglilinis/pag-disinfect sa shelter o pasilidad ng navigation at ipagpatuloy ang mga pinahusay na kagawian sa paghuhugas na inilarawan sa itaas. Makipag-ugnayan sa HSH kung kailangan ng suporta para sa paglilinis.
- Isapriyordad ang paglipat ng [mga nakatatanda at populasyong nasa malaking panganib](#) sa mga alternatibong lugar kung posible kapag may natukoy na kasong positibo sa COVID-19 sa isang shelter o navigation center.

Mga Mapagkukunan

San Francisco Department of Public Health (SFDPH, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco):

- [Gabay para sa Mga Taong Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan](#)
- [PPE sa Panahon ng COVID-19 Pandemic](#)
- [Utos sa Kalusugan C19-12b na nag-aatas ng Mga Takip sa Mukha](#)

Centers for Disease Control and Prevention (Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit)

- [Pansamantalang Gabay para sa Mga Provider ng Serbisyo para sa Mga Walang Tirahan para Magplano at Tumugon sa Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#)
- [Mga Mapagkukunan para Suportahan ang Mga Taong Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan](#)

California Department of Public Health (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California):

- [Pangkalahatang Impormasyon tungkol sa COVID-19 mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California \(California Department of Public Health, CDPH\)](#)
- [Flowchart para sa triage at pagtatalaga](#)
- Gabay sa [pagsusuri, triage, at pagtatalaga](#)

[Pagpigil sa Aerosol Transmissible Disease: Isang Sanggunian na Gabay para sa Mga Shelter para sa Walang Tirahan at Mga Residential na Pasilidad ng Paggamot](#)

National Health Care for the Homeless Council (Konseho ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Bansa para sa Mga Walang Tirahan) [Gabay sa Pandemic Flu](#)